



BAHAGI 2: Ano ang Kasunod?

PANIMULA

Ang pagsunod kay Hesus ay isang imbitasyon sa buhay na higit pa sa ordinaryo. Kailangan nating matutunang magtiwala nang mas higit pa sa bawat hakbang ng ating pagsunod sa kanya. Hindi mahalaga kung gaano ka na katagal sumusunod sa kanya o kung gaano ka kagaling sumunod. Ang mas mahalaga ay *Sumusunod ka ba sa kanya ngayon?*

TANONG TALAKAYAN

GISINGIN/PUKAWIN

1. Pag-usapan ang isa sa mga pinakamatinding layunin na nakamtan mo sa buhay. Noong sinimulan mo itong abutin, naramdaman mo ba na mahirap itong makamtan? Ano ang ginawa mo para makamtan mo ito?
2. Ano ang mga panganib na kakabit ng pagsunod kay Kristo? Paano ito nakakadulot ng pag-aalinlangan sa iyo?

MAKIAYON

3. Basahin ang Lucas 5:1-11. Ano ang nagpakumbinsi kila Pedro na iwanan na ang lahat at sumunod kay Hesus? Anong hakbang ang ginawa ni Pedro upang maranasan niya ang supernatural?
4. Doon sa apat na bahagi ng pagsunod na natalakay sa mensahe (pakikinig at pag-aaral; paggawa ng inkombenyenteng hakbang; hayaang gumawa si Hesus ng di-pangkaraniwang bagay; at pagsuko ng lahat sa kanya), aling bahagi ang maglalarawan kung nasaan ka ngayon? Ipaliwanag.

GAWIN

5. Base sa kung nasaan ka ngayon, ano ang susunod mong hakbang sa pagsunod mo kay Hesus? Paano makakasuporta ng grupong ito sa iyo?

PAGSULONG

Nasaan ka man sa paglalakbay mo ngayon, iniimbitahan ka ni Hesus na magtiwala sa kanya nang mas higit pa. At sa bawat hakbang na tatahakin mo, palapit nang palapit ka na rin sa di-pangkaraniwang buhay na inihanda sa iyo ng Diyos. Patungo sa kalayaan. Patungo sa pagtuklas kung sino ka talaga. Patungo sa mga mas matitindi pang mga tagumpay. Patungo sa iyong napakagandang tadhana.

PAGPAPANIBAGONG ISIP

Sinabi niya sa kanila: Sumunod kayo sa akin at gagawin ko kayong mamamalakaya ng mga tao.

Mateo 4:19 SND